

PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

Bakuna sa RSV (Respiratory Syncytial Virus): Ano Ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

1. Bakit magpabakuna?

Ang bakuna sa RSV ay maaaring makapigil ng sakit sa ibabang daanan ng hangin na dulot ng **respiratory syncytial virus (RSV)**. Ang RSV ay isang karaniwang respiratory virus na kadalasang nagdudulot ng mild at mala-sipon na mga sintomas.

Ang RSV ay maaaring magdulot ng sakit sa mga tao sa lahat ng edad ngunit maaaring maging malubha lalo na para sa mga sanggol at matatanda.

- Ang RSV ay ang pinakakaraniwang dahilan ng pagkakaospital ng mga sanggol sa U.S. Ang mga sanggol hanggang 12 buwang gulang (lalo na ang mga 6 na buwan at mas bata) at mga batang ipinanganak nang wala sa panahon, o may pabalik-balik na sakit sa baga o puso, o mahinang immune system ay nasa mas mataas na panganib ng malubhang sakit na RSV.
- Ang mga impeksyon sa RSV ay maaaring mapanganib para sa ilang mga nasa hustong gulang. Kabilang sa mga nasa hustong gulang na may pinakamataas na panganib para sa malubhang sakit na RSV ang mga matatanda, lalo na ang mga may pabalik-balik na sakit sa puso o baga, mahinang immune system, ilang iba pang pabalik-balik na kondisyong medikal, o nakatira sa mga nursing home.

Ang RSV ay kumakalat sa pamamagitan ng direktang kontak sa virus, tulad ng kapag ang mga droplet mula sa ubo o pagbahing ng taong may impeksyon ay tumama sa iyong mga mata, ilong, o bibig. Maaari rin itong kumalat sa pamamagitan ng paghawak ng isang tao sa ibabaw, gaya ng doorknob, na mayroong virus, at pagkatapos ay hinawakan ang iyong mukha.

Ang mga sintomas ng impeksyon sa RSV ay maaaring kabilang ang tumutulong sipon, pagkawala ng gana sa pagkain, pag-ubo, pagbahing, lagnat, o paghinga na may sumisipol na tunog. Sa napakabatang mga sanggol, maaaring kabilang din sa mga sintomas ng RSV ang pagkairitable (maligalig), hindi na gaanong kumikilos, o apnea (pansamantalang paghinto ng paghinga sa loob nang higit sa 10 segundo).

Karamihan sa mga tao ay gumagaling sa loob ng isang linggo o dalawa, ngunit ang RSV ay maaaring maging mas seryoso, na nagreresulta sa pangangapos ng hininga at mababang mga lebel ng oxygen. Ang RSV ay maaaring magdulot ng bronchiolitis (implamasyon sa maliliit na

daanan ng hangin sa baga) at pulmonya (impeksyon baga). Ang RSV ay maaari ding humantong sa paglubha ng iba pang mga medikal na kondisyon tulad ng hika, chronic obstructive pulmonary disease (isang pabalik-balik na sakit sa baga na nagpapahirap sa paghinga), o pagpalya ng puso (kapag ang puso ay hindi makapagbomba ng sapat na dugo at oxygen sa buong katawan).

Maaaring kailanganing maospital ang mga sanggol at matatanda na malubhang nagkakasakit ng RSV. Ang ilan ay maaaring mamatay pa.

2. Bakuna sa RSV

Mayroong dalawang opsyon sa pagbabakuna na magagamit para sa pagprotekta sa mga sanggol laban sa RSV: bakuna sa ina para sa buntis o panghadlang na antibodies na ibinibigay sa sanggol. Isa lang sa mga opsyon na ito ang kailangan para sa karamihan ng mga sanggol upang maging protektado.

Inirerekumenda ng CDC ang isang beses na dosis ng bakuna sa RSV para sa **mga buntis na babae mula sa linggo 32 hanggang linggo 36 ng pagbubuntis** para sa panghadlang sa RSV na sakit ng kanilang mga sanggol sa unang 6 buwan ng buhay. Ang bakunang ito ay inirerekumenda na ibigay mula Setyembre hanggang Enero para sa karamihan sa Estados Unidos. Gayunpaman, sa ilang mga lokasyon (halimbawa, ang mga teritoryo, Hawaii, Alaska, at mga bahagi ng Florida), ang oras ng pagbabakuna ay maaaring mag-iba batay sa oras ng taon kung kailan umiikot ang RSV sa lugar.

Inirerekumenda ng CDC ang isang beses na dosis ng bakunang RSV para sa **lahat ng 75 taong gulang at mas matanda** at para sa **mga nasa hustong gulang na 60 hanggang 74 na taong gulang na nasa mas mataas na panganib ng malubhang sakit na RSV**. Ang mga nasa hustong gulang na 60 hanggang 74 na taong gulang na nasa mas mataas na panganib ay kabilang ang mga may pabalik-balik na sakit sa puso o baga, isang mahinang immune system, o ilang iba pang pabalik-balik na mga kondisyong medikal, at iyong mga residente ng mga nursing home.

Ang bakuna sa RSV ay maaaring ibigay kasabay ng iba pang mga bakuna.



U.S. CENTERS FOR DISEASE
CONTROL AND PREVENTION

3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pagbabakuna kung ang taong babakunahan ay:

- Nagkaroon na ng **allergic na reaksiyon pagkatapos ng isang nakaraang dosis ng bakuna sa RSV**, o nagkaroon ng anumang **mga allergy na malubha, nagbabanta sa buhay**

Sa ilang mga kaso, ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring magpasya na ipagpaliban ang pagbabakuna ng RSV hanggang sa isang pagbisita sa hinaharap.

Maaaring mabakunahan ang mga taong may sakit na hindi malubha, tulad ng isang sipon. Ang mga taong may katamtaman o malubhang sakit ay karaniwang dapat maghintay hanggang sila ay gumaling bago mabakunahan ng bakuna sa RSV.

Ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring magbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.

4. Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna

- Ang pananakit, pamumula, at pamamaga kung saan ibinigay ang iniksyon, matinding pagod (pakiramdam na pagod), lagnat, pananakit ng ulo, pagduduwal, pagtatae, at pananakit ng kalamnan o kasukasuan ay maaaring mangyari pagkatapos ng pagbabakuna sa RSV.

Ang mga malubhang kondisyong neurologic, kabilang ang Guillain-Barré syndrome (GBS), ay naiulat pagkatapos ng pagbabakuna sa RSV sa ilang matatanda. Sa oras na ito, ang mas mataas na panganib ng GBS kasunod ng bakuna sa RSV sa mga taong may edad na 60 taong gulang at mas matanda ay hindi makumpirma o alisin.

Ang panganganak na wala pa sa panahon at mataas na presyon ng dugo sa panahon ng pagbubuntis, kabilang ang pre-eclampsia ay naiulat sa mga buntis na nakatanggap ng bakuna sa RSV. Hindi malinaw kung ang mga pangyayaring ito ay dulot ng bakuna.

Kung minsan, ang mga tao ay hinihimatay matapos ang mga medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong tagapagbigay ng serbisyo kung nahihilo ka o may mga pagbabago sa paningin o may umuugong sa mga tainga.

Tulad ng anumang gamot, mayroong isang napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay magdudulot ng isang matinding allergic na reaksiyon, ibang seryosong pinsala sa katawan, o pagkamatay.

Tagalog translation provided by Immunize.org

Vaccine Information Statement
RSV Vaccine

Ang V-Safe ay isang sistema ng pagsubaybay sa kaligtasan na nagbibigay-daan sa iyong ibahagi sa CDC kung ano ang nararamdaman mo, o sa iyong umaasa, pagkatapos tumanggap ng bakuna sa RSV. Makakahanap ka ng impormasyon at makakapagpatala sa V-Safe sa vsafe.cdc.gov.

5. Paano kung may isang seryosong problema?

Ang isang allergic na reaksiyon ay maaaring mangyari pagkatapos umalis sa klinika ang taong nabakunahan. Kung makakita ka ng mga palatandaan ng isang matinding allergic na reaksiyon (hives, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, isang mabilis na pagtibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Para sa iba pang mga palatandaan na nagpapa-alala sa iyo, tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Dapat iulat ang mga hindi mabuting reaksiyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Karaniwang isusumite ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito. Bumisita sa website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaksiyon, at ang mga kawani ng VAERS ay hindi nagbibigay ng medikal na payo.*

6. Paano ako matuto nang higit pa?

- Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bumisita sa website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa mga kalakip sa pakete ng bakuna at karagdagang impormasyon sa www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines
- Makipag-ugnay sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
 - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
 - Bumisita sa website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines.

10/17/2024

OFFICE
USE
ONLY

